International Journal of Research Studies in Education
2026 Volume 15 Number 23, 253-268



Game-based learning (GBL) sa pagpapahusay ng komprehensyon sa pagbasa ng kwentong-bayan sa Filipino 7

Augusto, Hope Frecy I.✉
Mactan National High School, Philippines (hopefrecia@gmail.com)

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

Received: 1 November 2026 **Revised**: 13 November 2026 **Accepted**: 18 November 2026 OPEN ACCESS
Available Online: 20 November 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26475

Abstrak

Nilayon ng pag-aaral na ito na masuri ang epekto ng Game-Based Learning (GBL) bilang estratehikong interbensyon sa pagpapahusay ng komprehensyon sa pagbasa ng kuwentong-bayan sa Filipino 7 sa Mactan National High School – Junior High taong panuruan 2026-2027. Ginamit sa pananaliksik ang quasi-experimental one-group pretest-posttest design na nilahukan ng 40 mag-aaral na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling. Nakabatay sa MATATAG kurikulum ang ginamit na test at sarbey kwestyuner upang sukatin ang pagganap at saloobin ng mga kalahok. Ipinakita ng mga resulta na ang paunang pagganap ng mga mag-aaral ay nasa antas lamang na Mababa, ngunit umangat ito sa antas na Mataas matapos ipatupad ang Geme-Based Learning (GBL). Sa pamamagitan ng paired-samples t-test, napatunayang may makabuluhang pagkakaiba ang pauna at panghuling pagsusulit ($p < .001$), na nagpatibay sa pagtanggi sa null hypothesis. Bukod dito, nagpakita rin ang mga mag-aaral ng lubos na positibong pananaw sa naturang estratehiya. Dahil napatunayang epektibo ang Game-Based Learning (GBL) sa pagpapataas ng antas ng komprehensyon, iminumungkahi ang paggamit nito sa pagtuturo. Inirerekomenda ang paggamit sa nabuong awtput na Pinagyamang Hulwarang Aralin bilang gabay ng mga guro sa pagtuturo ng kuwentong-bayan.

Mga Susing-Salita: Game-Based Learning (GBL), komprehensyon sa pagbasa, kuwentong-bayan, MATATAG kurikulum

© The Author(s) / Attribution-ShareAlike CC BY-SA

Game-based learning (GBL) sa pagpapahusay ng komprehensyon sa pagbasa ng kwentong-bayan sa Filipino 7

1. Panimula

Sa ilalim ng patuloy na nagbabagong anyo ng modernong edukasyon sa Pilipinas, isa sa mga pinakamalaking hamon na kinakaharap ng mga guro sa asignaturang Filipino ay ang pagpapanatili ng interes at atensyon ng mga mag-aaral sa pagbabasa (San Juan, 2022). Ang hamong ito ay mas nadarama sa pagtuturo ng tradisyonal na panitikan tulad ng mga kuwentong-bayan. Ang kuwentong-bayan ay hindi lamang simpleng lunsaran ng mga aralin sa wika. Ito ay isang estratehikong kagamitan upang itanim sa kamalayan ng mga kabataan ang mayamang kultura, paniniwala, tradisyon, at pambansang pagkakakilanlan ng ating lahi (Castro & David, 2023). Sa pamamagitan ng mga naratibong ito, nasisilip ng mga mag-aaral ang kasaysayan at pamumuhay ng kanilang mga ninuno bago pa man dumating ang mga mananakop (Reyes, 2021).

Sa pag-aaral nina De Luna et al. (2026), kapag ang mga mag-aaral sa Baitang 7 ay nagbabasa ng mga kuwentong-bayan, madalas silang mahirapan na unawain ang malalalim at matatandang salitang Tagalog, ang kontekstong pangkultura na nakapaloob sa akda, at ang mismong pangkalahatang aral ng kuwento. Ang krisis na ito sa pag-unawa ay mas lumalalim dahil ang mga mag-aaral sa kasalukuyang henerasyon ay madalas na nahihirapang umunawa ng mga teksto kapag ang mga pangkulturang konteksto nito ay hindi na pamilyar o malayo sa kanilang pang-araw-araw na karanasan sa modernong lipunan (Almario, 2022; Cruz, 2024). Ang mababang antas ng komprehensyon sa pagbasa ay hindi isang simpleng isyu ng pagkainip bagkus ito ay isang malubhang suliraning pambansa na pinatunayan na rin ng mga pandaigdigang pagsusuri tulad ng *Programme for International Student Assessment* (PISA), kung saan ang Pilipinas ay patuloy na nakakakuha ng mababang marka sa larangan ng pagbasa (*Organization for Economic Co-operation and Development*, 2023). Sa micro-level na konteksto ng silid-aralan sa Baitang 7, ang kawalan ng kakayahang umunawa sa binabasa ay nagiging sanhi ng mababang markang akademiko at kawalan ng motibasyon na makilahok sa mga talakayan sa Filipino (Del Rosario, 2023).

Batay na rin sa karanasan ng mananaliksik, maraming mag-aaral ang nahihirapan sa pag-unawa sa wikang Filipino, lalo na sa pagbasa ng mga teksto. Kabilang sa mga suliranin ang limitadong bokabularyo, kahirapan sa pagtukoy ng pangunahing ideya, at pag-unawa sa mahahalagang detalye. Dahil dito, nahihirapan silang maipaliwanag at maiugnay ang kanilang binasa, na nagiging hadlang sa kanilang pangkalahatang pagkatuto. Sa isinagawang pag-aaral sa Zamboanga City nina Ganal at Lumapenet (2024) tungkol sa *"Comprehension levels and factors affecting Grade 7 frustrated readers,"* na nagpapakitang napakababa ng pangkalahatang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral (lalo na sa pag-uugnay at pagsusuri ng mga impormasyon) na labis na naaapektuhan ng kakayahan sa pagkilala ng salita at kakulangan sa bokabularyo. Higit sa usaping akademiko, ang suliraning ito ay may malaking implikasyon sa ating pambansang kultura (Tolentino, 2021). Kung hindi mabibigyang-solusyon ang kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng panitikan, nanganganib na tuluyang mabaon sa limot ang mga kuwentong-bayan na sumasalamin sa ating pagka-Pilipino; samakatuwid, kinakailangan ang mabilis at epektibong solusyon sa suliraning ito.

Ang *Game-Based Learning (GBL)* ay isa sa mga makabagong estratehiyang maaaring gamitin, na hinihikayat at sinusulong ang aktibong pagkatuto ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga larong pang-edukasyon (Prensky, 2001; Plass et al., 2015). Ang mga larong ito ay nagbibigay-daan sa pagpapalawak ng kaalaman at pagpapaunlad ng kognitibong kakayahan na labis nilang kinakailangan sa modernong silid-aralan. Dahil dito, ang paglalapat ng *Game-Based Learning (GBL)* ay nagpapakita ng mataas na potensiyal na maging mas epektibong paraan sa pagpapahusay ng komprehensyon sa binasa (Gee, 2007). Gayunpaman, limitado pa ang mga lokal na pananaliksik at pag-aaral tungkol sa paggamit ng *Game-Based Learning*, lalo na sa asignaturang Filipino para sa mga mag-aaral na nasa ikapitong baitang. Karamihan sa mga umiiral na pananaliksik ukol sa GBL ay nakatutok sa mga asignaturang STEM at isinasagawa sa wikang Ingles (Clark et al., 2016; Tokac et al., 2019). Limitado ang mga

lokal na empirikal na pag-aaral na sumusuri sa bisa ng GBL sa pagtuturo ng katutubong panitikan, partikular sa pag-unawa sa mga kuwentong-bayan na naglalaman ng malalalim na salitang Tagalog (Santos, 2023). Sa kabila ng mga teorya na ang mga laro ay dapat magtaguyod ng emosyonal at kognitibong reaksyon (Adipat et al., 2021), kakaunti ang mga pag-aaral na nagpapakita kung paano epektibong mapagsasama ang digital na kapaligiran ng mga laro at ang pagpapanatili ng lalim ng tradisyonal na kulturang Pilipino (Almario, 2022).

Kaya naman, layunin ng pag-aaral na ito na tuklasin ang epekto ng Game-Based Learning (GBL) sa pagpapahusay ng komprehensyon sa pagbasa ng Kuwentong-Bayan sa mga mag-aaral sa Filipino 7, upang mapalawak ang kanilang kakayahan sa komprehensyon at pagsusuri ng mga akda sa pamamagitan ng mga makabuluhang laro (Gonzales & Santos, 2024). Sa pamamagitan nito, ang mga pangkulturang yaman na nakapaloob sa mga panitikan ng bansa ay mas madaling maiuukit sa kamalayan ng bagong henerasyon.

Layunin ng Pag-aaral - Nilayon ng pag-aaral na ito na suriin at tasahin ang epekto ng Game-Based Learning (GBL) sa pagpapahusay ng komprehensyon sa pagbasa ng mga kuwentong-bayan sa asignaturang Filipino 7 sa Mactan National High School para sa taong panuruan 2026-2027. Partikular na nilayon ng pananaliksik na alamin ang paunang pagganap ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng tradisyunal na pamamaraan sa pagpapaliwanag ng mga pahiwatig o simbolo, pagsusuri ng mahahalagang pangyayari, at pag-uugnay ng mga kaisipan. Layunin din nitong sukatin ang panghuling pagganap ng mga kalahok matapos ilapat ang estratehiyang Game-Based Learning (GBL), gayundin ang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagtatasa. Bukod dito, hinangad ding mabatid ang pananaw at karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng nasabing estratehiya. Sa pamamagitan ng mga nakalap na datos at natuklasan, pangunahing layunin din ng pag-aaral na makabuo at makapag-ambag ng isang Pinagyamang Hulwarang Aralin na magsisilbing kapaki-pakinabang na gabay sa epektibong pagtuturo ng panitikan.

Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng epekto ng Game-Based Learning (GBL) bilang estratehikong interbensyon sa pagpapahusay ng komprehensyon sa pagbasa ng mga kuwentong-bayan sa asignaturang Filipino 7. Ang mga naging kalahok o respondente ng pananaliksik ay ang apatnapung (40) mag-aaral na nag-aaral sa Ikapitong Baitang (Seksyon Amores) ng Mactan National High School – Junior High School sa taong panuruan 2026-2027, kung kailan isinagawa ang pag-aaral. Saklaw din ng pananaliksik na ito ang paggamit ng tatlong piling kuwentong-bayan bilang lunsaran ng aralin, na kinabibilangan ng “Juan Osong,” “Ang Batik ng Buwan,” at “Si Pilandok at ang Batingaw”. Gayunpaman, mayroon ding mga tiyak na delimitasyon o hangganan ang pag-aaral na ito. Nakatuon lamang ang pagsusuri sa tatlong partikular na kasanayan sa komprehensyon sa pagbasa batay sa Budget of Work (BOW) Learning Competencies: (1) ang pagpapaliwanag sa mga nakapaloob na pahiwatig o simbolo, (2) ang pagsusuri sa mahahalagang pangyayari, at (3) ang pag-uugnay ng mahalagang kaisipan. Dahil dito, hindi saklaw ng pag-aaral ang iba pang kasanayang pangwika tulad ng pagsulat, pakikinig, at pagsasalita, alinsunod na rin sa pananaw na ang pagpapatibay muna ng *receptive skills* ang nagiging pundasyon bago linangin ang iba pa. Bunga ng mga limitasyong ito, ang mga nakalap na resulta at kongklusyon ay nakatuon lamang sa mga partikular na kalahok at konteksto ng nasabing paaralan, kaya naman hindi ito ginagawang pangkalahatang representasyon ng lahat ng mag-aaral.

Kahalagahan ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tuklasin ang epekto *ng Game-Based Learning (GBL)* sa pagpapahusay ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa Filipino 7. Inaasahang magiging kapaki-pakinabang ang resulta ng pag-aaral na ito sa mga sumusunod:

- **Mga Mag-aaral**. Makakatulong ang pag-aaral na ito upang mapahusay ang kanilang kakayahan sa komprehensyon sa pagbasa ng kuwentong-bayan sa pamamagitan ng paggamit ng estratehiyang *Game-Based Learning (GBL).*

- **Mga Guro**. Magbibigay ang pag-aaral na ito ng karagdagang kaalaman at estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa, partikular sa paggamit ng makabuluhang bilang kasangkapan upang mapahusay ang pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral.

- **Mga Administrasyon**. Magbibigay ito ng datos at batayan sa paggawa ng mga desisyon kaugnay ng pagpaplano, pagpapatupad, at ebalwasyon ng mga programang pang-edukasyon. Makakatulong ito sa pagbuo ng mga polisiya at inisyatiba na nakatuon sa pagpapabuti ng sistema ng pagtuturo at pagkatuto.

- **Mga Mananaliksik sa Hinaharap**. Ang pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing sanggunian o batayan ng mga susunod na pag-aaral na may kaugnayan sa paggamit ng *Game-Based Learning (GBL)* sa larangan ng edukasyon at sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa.

2. Metodolohiya

Disenyo ng Pag-aaral - Ginamit sa pag-aaral na ito ang ***quasi-experimental*** na disenyo ng pananaliksik, partikular ang ***one-group pretest-posttest design***, upang mabatid ang epekto ng *Game-Based Learning (GBL)* sa pagpapahusay ng komprehensyon sa pagbasa ng kuwentong-bayan ng 40 mag-aaral sa Ikapitong Baitang (Seksyon Amores). Ayon kina Creswell at Creswell (2018), ang disenyong *quasi-experimental* ay angkop gamitin sa mga silid-aralan kung saan hindi praktikal ang random na pagpili ng mga kalahok (*random assignment*). Sa ilalim ng disenyong ito, ang iisang grupo ng mga kalahok ay isinasailalim sa paunang pagsusukat, pagpapatupad ng interbensyon, at panghuling pagsusukat upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba ang kanilang pagganap matapos ang eksperimento (Fraenkel et al., 2019).

Sa unang yugto, ipinatupad ang *pretest* upang masukat ang paunang antas ng komprehensyon sa binasa ng mga mag-aaral bago ang paglalapat ng interbensyon. Pagkatapos nito, isinakatuparan ang estratehiyang GBL bilang suportang kasangkapan sa pag-unawa sa nilalaman ng mga akda habang binabasa at sinusuri ng mga mag-aaral ang tatlong piling kuwentong-bayan. Matapos ang implementasyon ng estratehiya, nagsagawa ng *posttest* upang matukoy ang pinal na antas ng komprehensyon sa binasa. Sa pamamagitan ng estatistikal na paghahambing sa resulta ng pauna at panghuling pagganap, masusing nasuri kung nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba at kapakinabangan ang paggamit ng GBL sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Respondente - Ang mga respondente ay binubuo ng apatnapung (40) mag-aaral sa *Grade* 7 seksyon Amores ng Mactan National High School – *Junior High School* na kasalukuyang kumukuha ng asignaturang *Filipino 7*. Sa mga mag-aaral na ito ipatutupad ang estratehiyang *Game-Based Learning (GBL)* upang masukat ang kanilang komprehensyon sa pagbasa ng kuwentong-bayan. Pinili ang mga respondente gamit ang resulta ng *Diagnostic Test* at *Phil-Iri Group Screening Test*. Lumabas sa datos, sa kabuuang anim na seksyong pinamamahalaan ng mananaliksik, ang naturang pangkat (seksyon) ang nagtala ng pinakamababang marka sa pagsusulit. Ang mga respondente ay sasailalim sa *pretest* at *posttest* upang matukoy kung magkakaroon ng pagbabago sa kanilang komprehensyon sa binasa matapos gamitin ang *Game-Based Learning (GBL).*

Instrumento ng Pananaliksik - Ang pangunahing instrumentong ginamit sa pag-aaral ang tatlong kuwentong-bayan na *pinamagatang "Juan Osong", "Ang Batik ng Buwan",* at *"Si Pilandok at ang Batingaw".* Pinili ng mananaliksik ang mga akdang ito bilang pagsunod sa *Budget of Work (BOW) Learning Competencies*. Alinsunod na rin sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd, 2023)**,** ang pagsasama ng mga lokal na kuwentong-bayan tulad ng "Juan Osong," "Ang Batik ng Buwan," at "Si Pilandok at ang Batingaw" sa kurikulum ay mahalaga upang mapanatili ang pambansang pagkakakilanlan at matugunan ang mga itinakdang kasanayan sa Budget of Work (BOW) para sa asignaturang Filipino. Sa pamamagitan nito, hindi lamang kasanayan sa pagbasa ang nalilinang kundi pati na rin ang pagpapahalaga sa kulturang Pilipino. Kalakip ng mga kuwentong-bayan na ito ang pagsusulit upang masukat ang komprehensyon sa binasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang *Game-Based Learning (GBL).* Ang pagsusulit sa komprehensyon ng pagbasa ng kuwentong-bayan ay binuo ng mananaliksik upang masukat ang paunang pagganap at kakayahang umunawa ng mga mag-aaral. Ang pagsusulit ay nakabase sa *Budget of Work (BOW) Learning Competencies,* at may labinlimang (15) katanungan para sa bawat *competency*. Ang mga tanong ay multiple-choice na idinisenyo upang maging obhetibo at sistematiko ang pagmamarka.

Ginamit ang *multiple-choice* na pagsusulit upang matiyak ang malinaw na pagsusuri ng sagot at mabawasan ang pagiging subjektibo sa pagmamarka. Ang nasabing instrumento ay ginamit bilang pauna at panghuling

pagganap upang matukoy ang pagkakaiba sa komprehensyon ng mga mag-aaral bago at matapos ang paggamit ng *Game-Based Learning (GBL).* Ang paggamit ng multiple choice na pagsusulit ay lubos na angkop sa pagsukat ng komprehensyon sa pagbasa dahil nagbibigay ito ng isang obhetibo, balido, at maaasahang pamamaraan upang matukoy ang antas ng kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral (Haladyna & Rodriguez, 2013). Sa pamamagitan ng estrukturadong mga pamimilian, madaling natutukoy ng guro o mananaliksik kung aling partikular na kasanayan gaya ng pagkuha ng pangunahing ideya o pagkilala sa malalalim na salita ang naging kahinaan o kalakasan ng mga mag-aaral pagkatapos ilapat ang Game-Based Learning (GBL) (Gronlund & Linn, 2000). Bukod dito, ang ganitong uri ng instrumento ay nagpapadali sa pagwawasto at pagsusuring estatistikal (statistical analysis), na nagbabawas sa pagkakaroon ng personal na pagkiling o subjectivity sa pagmamarka (Popham, 2018).

Bukod dito, ginamit din ng mananaliksik ng talatanungan upang masukat ang nahihinuhang pananaw ng mga mag-aaral matapos ang implementasyon ng estratehiya. Ang talatanungan ay nasa anyong *Likert scale* (1–5) na binubuo ng sampung (10) pahayag na sasagutan ng mga respondente upang matukoy ang kanilang karanasan at pananaw sa paggamit ng *Game-Based Learning (GBL).* Ayon kina Norman (2010) at Sullivan at Artino (2012), ang Likert scale ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mananaliksik na hanguin ang mga kwalitatibong pananaw at damdamin ng mga kalahok at i-*convert* ang mga ito sa mga numerikal na datos (quantitative data) na maaaring suriin gamit ang mean at standard deviation. Sa konteksto ng Baitang 7, ang instrumentong ito ay madaling unawain at sagutin ng mga kabataan dahil nagpapakita ito ng mga malalapit na antas ng pagsang-ayon (gaya ng "Lubos na Sumasang-ayon" hanggang "Lubos na Hindi Sumasang-ayon") na angkop sa kanilang pang-araw-araw na karanasan at kakayahang kognitibo (Boone & Boone, 2012).

Ang iskala ay bibigyangkahulugan bilang: 5 – Lubos na Sumasang-ayon, 4 – Sumasang-ayon, 3 – Hindi Tiyak, 2 – Hindi Sumasang-ayon, at 1 – Lubos na Hindi Sumasang-ayon. Upang matiyak ang katumpakan, kredibilidad, at pangkalahatang kalidad ng instrumentong ginamit, isinailalim ito sa dalawang pangunahing proseso: ang pagpapasuri sa mga eksperto (Expert Validation) at ang pilot testing**.** Ang paunang draft ng instrumento ay ipinasuri sa ekspertong tagapayo na may malalim na kaalaman sa paksa ng pananaliksik. Ang hakbang na ito ay isinagawa upang masuri kung ang bawat tanong ay tumpak na sumusukat sa mga baryabol at layunin ng pag-aaral. Matiyak na malinaw, walang pagkiling (unbiased), at madaling maiintindihan ng mga kalahok ang wika at estruktura ng mga tanong. Mailapat ang mga mungkahi, koreksyon, at paggabay para sa pagrebisa at sa pagpapahusay ng instrumento. Matapos maisama ang mga pagwawasto ng mga eksperto, isinagawa ang isang *pilot test* sa isang maliit na grupo ng mga indibidwal na may katulad na katangian sa aktwal na mga kalahok (ngunit hindi na isasama sa pinal na pag-aaral). Nilayon ng prosesong ito na masubok ang consistency o katatagan ng mga tugon sa instrumento at matukoy ang mga tanong na malabo, nakalilito, o nagiging sanhi ng maling interpretasyon upang agad itong maituwid.

Pamamaraan sa Paglikom ng Datos - Sa pangangalap ng datos, humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa pamunuan ng Mactan National High School – JHS upang maisagawa ang pag-aaral. Matapos naaprubahan ang kahilingan, ipinaliwanag ng mananaliksik sa seksyon Amores ang layunin ng pag-aaral at ang mga hakbang sa implementasyon nito, na nakatuon sa pagtukoy kung may makabuluhang epekto ba ang *Game-Based Learning (GBL)* sa pagpapahusay ng komprehensyon sa pagbasa ng kuwentong-bayan sa Filipino 7. Tiniyak din na ang mga respondante ay boluntaryong lalahok at may pahintulot sa magulang. Ang kanilang mga sagot ay mananatiling kumpidensiyal.

Nagkaroon ng pagtuturo sa paksa ang mananaliksik gamit ang tradisyonal na paraan. Sinimulan ito sa paglalahad ng paksa at ng mga layunin. Isinalaysay ang buong pangyayari sa tatlong kwentong-bayan, mula simula, gitna, at wakas. Ipinaliwanag din maging ang mensahe o aral ng kwento. Kasunod ang pagsasagawa ng paunang pagganap upang masukat ang paunang pag-unawa ng mga mag-aaral. Pagkatapos nito, ipinatupad ang *Game-Based Learning (GBL)* bilang estratehiya sa pagtuturo, kung saan ginamit ng guro ang mga makabuluhang laro *(Classroom and Collaborative Games)* sa pagsusuri at pag-unawa sa akda. Upang matukoy at maipaliwanag ang mga nakatagong pahiwatig o simbolo, pinangkat ng mananaliksik ang mga mag-aaral sa apat na koponang may balanseng kakayahan para sa isang *interactive quiz game.* Gamit ang kanilang mga *signal flag* (A, B, C, D),

binigyan sila ng sapat na oras upang magtalakayan at maibigay ang tamang sagot sa mga inihandang tanong tungkol sa mga pahiwatig at simbolo. Sa pagsusuri ng mga mahahalagang pangyayari ginamit ang larong *crossword puzzle* sa sanhi at bunga ng mga kritikal na trahedya at kinalabasan ng mga akda. Sa loob ng 20 minuto, lulutasin ng pangkat ang mga pahalang at pababang clues na nagbubunyag sa mga susing pangyayari. Sa pag-uugnay ng mga mahalagang kaisipan, nagpadala ng dalawang kinatawan ang bawat pangkat upang hanapin ang mga nakatagong *kaisipan cards* sa loob ng silid-aralan at pag-ugnayin ang mahahalagang ideya nito. Matapos makuha ang mga sikat na linya at tema ng akda, sama-sama silang bumuo ng isang minutong *role-play* na sumasalamin sa mga napapanahong isyu sa bansa. Matapos ang implementasyon ng estratehiya, isinagawa ang panghuling pagganap gamit ang parehong instrumento upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa komprehensyon sa binasa ng mga mag-aaral. Ginawa rin ito upang siyentipikong masukat ang bisa ng isang interbensyon, ang disenyo ng pananaliksik na gumagamit ng pretest at posttest ang pinakaangkop na instrumento upang makita ang direktang epekto ng GBL sa komprehensyon ng mga mag-aaral (Fraenkel et al., 2012). Ang pamamaraang ito ay nagbibigay ng malinaw na hambingan bago at pagkatapos ilapat ang laro sa mga kuwentong-bayan.

Bukod dito, nagsagawa rin ng talatanungan upang masukat ang nahihinuhang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng *Game-Based Learning (GBL)*. Ang paggamit ng makabagong estratehiya tulad ng Game-Based Learning *(GBL)* ay napatunayang epektibo sa paggising ng interes ng mga mag-aaral. Ayon kina Prensky (2001) at Gee (2007), ang mga laro ay nagbibigay ng isang "interactive environment" na nagtutulak sa mga mag-aaral na mag-isip nang kritikal at mas malalim na unawain ang tekstong kanilang binabasa. Sa lokal na konteksto, binigyang-diin nina Santos at Reyes (2020) na ang integrasyon ng GBL sa pagtuturo ng panitikan sa Pilipinas ay nagpapakita ng makabuluhang pag-angat sa marka ng mga mag-aaral mula sa pretest patungong posttest. Ang mga nakalap na datos mula sa paunang pagganap, panghuling pagganap, at talatanungan sa nahihinuhang pananaw ay inipon, inayos, at sinuri upang malaman ang epekto ng nasabing estratehiya sa komprehensyon sa pagbasa ng kuwentong-bayan. Batay sa mga resulta ng pag-aaral, binuo ng pinagyamang hulwarang aralin bilang awput na maaaring magamit sa pagtuturo ng pagbasa.

3. Resulta at Pagtatalakay

Inilalahad sa kabanatang ito ang mga datos na nakalap mula sa isinagawang pag-aaral upang matukoy ang kasanayan ng Peer Assisted Reading Instruction (PARI) sa pag-unawa ng pagbasa sa Antas 11 ng mga mag-aaral sa Tina-an Senior High School, Tina-an, City of Naga, Cebu sa taong panuruan 2026–2027.

3.1 Paunang Pagganap sa Pagbasa ng Kuwentong-Bayan gamit ang Tradisyunal na Pagtuturo

Ipinapakita sa bahaging ito ang panimulang antas ng kakayahan ng apatnapung (40) mag-aaral mula sa Seksyon Amores matapos silang maturuan gamit ang tradisyunal na paraan (purong lektyur).

Talahanayan 1
Paunang Pagganap sa Pagbasa ng Kuwentong-Bayan gamit ang Tradisyunal na Pagtuturo

Kompetensi	Mean	SD	Berbal Description
Naipaliwanag ang nakapaloob na pahiwatig o simbolo	6.25	2.35	Mababa (Developing)
Nasusuri ang mahalagang pangyayari	7.35	3.17	Katamtaman (Approaching Proficiency)
Naiuugnay ang mahalagang kaisipan	5.93	3.31	Mababa (Developing)

Legend: 0-3=Napakababa (Beginning), 4-6=Mababa (Developing), 7-9=Katamtaman (Approaching Proficiency), 10-12=Mataas (Proficient), 13-15=Napakataas (Advanced / Highly Proficient)

Ipinapakita sa Talahanayan 1 na ang kasanayan sa pagpapaliwanag ng nakapaloob na pahiwatig o simbolo ay nagtala ng *mean score* na 6.25 at *standard deviation* (SD) na 2.35. Ang kabuuang paunang pagganap ng apatnapung (40) mag-aaral mula sa Seksyon Amores sa bahaging ito ay nasa antas na Mababa *(Developing)*. Ang datos na ito ay nangangahulugan na ang tradisyunal na paraan ng pagtuturo o purong lektyur ay hindi sapat upang gabayan ang mga mag-aaral sa pag-unawa sa mga matatalinghagang bahagi ng kuwentong-bayan. Nahihirapan silang lumampas sa literal na kahulugan ng teksto at hindi agad makuha ang mga pahiwatig na nakatago sa likod

ng mga simbolo (gaya ng pinto kay Juan Osong o init ng araw sa Batik ng Buwan). Ang SD na 2.35 ay nagpapakita rin na bagaman mababa ang marka, hindi ganoon kalawak ang agwat ng mga iskor ng mga mag-aaral, na nagpapatunay na halos magkakapareho ang kanilang kahinaan sa kasanayang ito.

Ang resultang ito ay nagpapahiwatig ng agarang pangangailangan sa pagbabago ng estratehiya. Ang pag-unawa sa simbolo ay nangangailangan ng mataas na antas ng mapanuring pag-iisip (*higher-order thinking skills*). Kung mananatili ang guro sa purong lektyur, maiiwan ang mga mag-aaral sa ibabaw o literal na yugto ng pagbasa. Kapag ang pagtuturo ay nanatili sa tradisyunal na pamamaraan o purong panayam (*lecture),* hindi nahahasa ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Ang epekto nito, ang kasanayan nila sa pagbasa ay hihinto lamang sa literal na antas kung saan nauunawaan lang ang mga salitang nakalimbag ngunit walang malalim na pagsusuri, pag-uugnay, o pag-unawa sa mga implicit o nakatagong kahulugan ng teksto (Santos 2024). Ang mababang markang ito ang nagsisilbing batayan upang ipasok ang mga makabagong kagamitang pampagtuturo tulad ng *Game-Based Learning* (GBL). Sa pamamagitan ng mga interaktibong laro tulad ng "*Interactive Quiz"* mas madaling masisira ang pader ng abstrakto at malalim na pagpapakahulugan, dahil ang mga mag-aaral ay aktibong nakikipagtulungan sa kanilang mga kapangkat upang talakayin ang kahulugan ng mga simbolo sa paraang kasiya-siya at masigla.

Sa kasanayan naman ng pagsusuri sa mahahalagang pangyayari sa nilalaman ng akda, ang mga mag-aaral ay nakakuha ng pinakamataas na *mean score* na 7.35 na may SD na 3.17. Ito ay may katumbas na berbal na paglalarawan na Katamtaman *(Approaching Proficiency).* Ipinapakita ng datos na ito na mas madaling nasusuri at natutukoy ng Seksyon Amores ang daloy ng kwento, ang mga kasukdulan, trahedya, o kinalabasan ng mga pangyayari sa ilalim ng tradisyunal na pagtuturo kumpara sa ibang kasanayan. Gayunpaman, ang mataas na SD na 3.17 ay nagpapahiwatig ng pagiging *heterogeneous* o malawak na pagkakaiba-iba ng antas ng mga mag-aaral sa loob ng klase. Ibig sabihin, habang may ilang mag-aaral na bihasa na sa pagtukoy ng banghay, marami pa rin ang labis na nahihirapan at naiwan sa talakayan habang ginagawa ang purong lektyur. Ayon sa pag-aaral nina Cobacha et. al (2025) ang pangunahing kahinaan ng tradisyunal na pagtuturo sa pagbasa ay ang kawalan ng interaktibong elemento at makabagong teknolohiya na umaakit sa interes ng mga mag-aaral ngayon. Dahil sa mabilis na pag-unlad ng digital platforms, ang purong lektyur at mabusising pagbabasa ng pisikal na teksto ay maaari ding magdulot ng kalituhan o pagkabawas sa motibasyon ng mga kabataang mas sanay na sa mabilis at biswal na *digital literature*. Bunga nito, nagkakaroon ng kakulangan sa *pedagogical* na estratehiya upang awtomatikong mapalalim ang pagpapahalaga at pagkatuto ng mga mag-aaral kung hindi ito sinasamahan ng mga makabagong kagamitang pampagtuturo.

Ang antas na *Approaching Proficiency* ay isang magandang pundasyon, subalit hindi ito dapat maging dahilan ng pagkakaroon ng *complacency* o kapanatagan sa panig ng guro. Ang malaking agwat sa kakayahan ng mga bata (SD = 3.17) ay nagpapakita na ang tradisyunal na lektyur ay pabor lamang sa mga mabilis matuto at nag-iiwan sa mga tinaguriang *frustrated readers*. Upang matugunan ang agwat na ito, malaki ang maitutulong ng paglalapat ng mga estratehiyang nakabatay sa laro tulad ng *"Crossword Puzzle"* kasabay ng *Peer-Assisted Learning* sa ilalim ng *ARAL Program (RA 12028).* Sa pamamagitan nito, ang mga mag-aaral na may mataas na kakayahan ay magsisilbing gabay ng kanilang mga kaklase upang sabay-sabay nilang masuri ang lohika, sanhi, at bunga ng mga pangyayari sa kuwento, na siyang mag-aangat sa buong klase patungo sa ganap na masteri o *Proficiency*.

Panghuli, ang kasanayan sa pag-uugnay ng mahahalagang kaisipan ng binasang akda sa totoong buhay at kasalukuyang lipunan ang nagtala ng pinakamababang marka na may *mean score* na 5.93 at SD na 3.31. Ang paunang pagganap na ito ay pormal na inilalarawan bilang Mababa *(Developing)*. Ang resultang ito ay malinaw na patunay na sa ilalim ng tradisyunal na pagtuturo, ang mga mag-aaral ay nahihirapang ilapat ang mga gintong aral ng kuwentong-bayan sa kanilang sariling karanasan at sa mga isyung panlipunan sa kasalukuyan. Nahihirapan silang makita ang koneksyon ng mga sinaunang teksto sa modernong panahon. Dagdag pa rito, ang napakataas na SD na 3.31 ay nagpapakita ng matinding polarisasyon o pagkakaiba-iba ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa loob ng Seksyon Amores kapag purong lektyur ang ginamit. Nagiging tagatanggap lamang ng impormasyon ang mga mag-aaral sa halip na aktibong bumuo ng kaalaman. Nililimitahan nito ang pag-unlad ng mataas na antas ng pag-iisip o *Higher-Order Thinking Skills* (HOTS) (Bernardo, 2021).

Ang mababang *mean* at mataas na (SD) ng mga marka ay nagpapakita na ang tradisyunal na pagtuturo ay nabibigong magbigay ng personal na kahulugan o *real-world connection* sa mga mag-aaral. Ayon kina Delos Santos at Alonzo (2022) ang tradisyunal na metodo ay nakapokus sa pasibong pagsasaulo ng mga teorya, nabibigo itong magbigay ng personal na kahulugan o *real-world connection* sa karanasan ng mga bata. Kung walang kontekstwalisasyon, ang mga konseptong itinuturo ay nananatiling *abstract*, kaya naman tanging ang mga mag-aaral na may mataas na kognitibong kakayahan ang nagtatagumpay (na nagpataas sa SD), habang ang nakararaming mag-aaral ay naiiwang hindi nakauunawa (na nagpababa naman sa *Mean*). Hindi nagiging buhay at makabuluhan ang panitikan para sa kanila. Ang implikasyon nito sa pagtuturo ay ang pangangailangan sa mga kontekstwalisadong gawain na humihingi ng aktibong pagganap. Ang pagpapasok ng mga estratehiya tulad ng *"Scavenger Hunt* ng Mapanuring Kaisipan at Pagsasatao*"* ay magsisilbing tulay upang ang mga abstrakto at lumang kaisipan ay maisabuhay ng mga mag-aaral. Kapag ang isang mag-aaral ay binigyan ng pagkakataong iugnay ang panloloko ni Pilandok sa mga modernong *online scammers* sa pamamagitan ng maikling pag-arte, mas nagiging malalim ang pag-unawa at nananatili ang mataas na motibasyon sa pag-aaral, na siyang pangunahing mithiin ng *MATATAG Kurikulum*.

Ang mga resultang ito sa larangan ng pagtuturo ay ang agarang pangangailangan sa pagbabago o inobasyon sa mga estratehiya sa pagbasa. Malinaw na hindi na sapat ang pasibong pakikinig sa purong lektyur upang malinang ang mataas na antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa Seksyon Amores. Upang matugunan ang gap na ito, iminumungkahi ang paglalapat ng mga makabagong pamamaraan tulad ng *active learning*, estratehiyang *interactive*, o paggamit ng mga awtentikong kagamitang pampagtuturo.

3.2 Panghuling Pagganap sa Pagbasa ng Kuwentong-Bayan gamit ang Game-Based Learning

Ipinapakita sa bahaging ito ang kinalabasan ng pagsusulit ng mga mag-aaral matapos ang komprehensibong implementasyon ng interbensyong *Game-Based Learning*.

Talahanayan 2
Panghuling Pagganap sa Pagbasa ng Kuwentong-Bayan gamit ang Game-Based Learning

Kompetensi	Mean	SD	Berbal Description
Naipaliwanag ang nakapaloob na pahiwatig o simbolo	9.70	2.51	Katamtaman (Approaching Proficiency)
Nasusuri ang mahalagang pangyayari	10.80	2.39	Mataas (Proficient)
Naiuugnay ang mahalagang kaisipan	9.83	2.79	Katamtaman (Approaching Proficiency)

Legend: 0-3=Napakababa (Beginning), 4-6=Mababa (Developing), 7-9=Katamtaman (Approaching Proficiency), 10-12=Mataas (Proficient), 13-15=Napakataas (Advanced / Highly Proficient)

Masisilayan sa Talahanayan 2 na matapos ang paglalapat ng interbensyong *Game-Based Learning* (GBL), ang kasanayan sa pagpapaliwanag ng nakapaloob na pahiwatig o simbolo ay nagtala ng *mean score* na 9.70 at *standard deviation* (SD) na 2.51. Ang kabuuang panghuling pagganap ng mga mag-aaral sa bahaging ito ay umakyat na sa antas na Katamtaman *(Approaching Proficiency)*. Kung ihahambing sa paunang pagsusulit kung saan nasa antas lamang silang *Developing* (Mean = 6.25), ang malaking pagtalon ng marka ay patunay na ang mga interaktibong laro tulad ng "*Interactive Quiz"* ay epektibong nakatulong upang mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang mga abstrakto at matalinghagang kahulugan sa kuwentong-bayan. Ayon sa pag-aaral nina Santos at Dela Cruz (2024), ang malaking pagtalon ng marka ay patunay na ang mga interaktibong laro tulad ng "*Interactive Quiz"* ay epektibong nakatulong upang mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang mga abstrakto at matalinghagang kahulugan sa kuwentong-bayan. Ang bahagyang pagtaas ng SD sa 2.51 ay nagpapahiwatig na bagaman sama-samang umunlad ang klase, may ilang mag-aaral pa rin na mas mabilis nakakuha sa kasanayan habang ang iba ay patuloy na nagpapalalim ng kanilang interpretasyon.

Ang transisyon mula sa antas na mababa patungo sa *Approaching Proficiency* ay nagpapatunay na ang estratehiyang nakabatay sa laro ay may mataas na positibong epekto sa paglinang ng malalim at kritikal na pagbasa. Ang mga pahiwatig at simbolo na dati ay mahirap ipaliwanag sa pamamagitan ng purong lektyur ay naging mas madaling maabot ng mga bata dahil sa masiglang diskusyon at kolaborasyon sa loob ng pangkat. Ipinapakita nito na kapag ang mga mag-aaral ay binigyan ng pagkakataong mag-usap at gumamit ng mga kongkretong kagamitan

(tulad ng *signal flags*), mas mabilis nilang natutukoy ang pangkulturang konteksto ng mga akda. Ang hamon ngayon sa guro ay ipagpatuloy ang ganitong mga gawain at magbigay ng mas tiyak na pagsasanay upang ang kasalukuyang antas ay tuluyang umakyat patungo sa ganap na masteri o *Proficient* (Castillo & Bautista, 2024, p. 78).

Sa kasanayan ng pagsusuri sa mahahalagang pangyayari sa nilalaman ng akda, ang mga mag-aaral ay nakakuha ng pinakamataas na markang *mean* na 10.80 na may SD na 2.39. Ang kinalabasang ito ay pormal na inilalarawan sa antas na Mataas *(Proficient).* Ang datos na ito ay isang malakas na indikasyon na ang paggamit ng mga structural game tulad ng *"Crossword Puzzle"* ay naging lubos na matagumpay sa paggabay sa mga mag-aaral na suriin ang banghay ng kwento, partikular ang ugnayan ng sanhi at bunga ng mga trahedya o kasukdulan. Bukod dito, ang pagbaba ng SD sa 2.39 (kumpara sa dating 3.17 sa tradisyunal) ay nagpapakita na naging mas *homogeneous* o magkakapit na ang mga iskor ng klase. Ibig sabihin, lumiit ang agwat sa pagitan ng mga mabilis matuto at ng mga mag-aaral na nangangailangan ng gabay. Ang paggamit ng mga makabagong estratehiya tulad ng *crossword puzzle* ay napatunayang epektibo sa pagbuo ng mas malawak na bokabularyo ng mga mag-aaral dahil binabawasan nito ang kanilang kaba at takot sa pag-aaral ng wika. Sa pamamagitan ng larong ito, nagkakaroon sila ng paulit-ulit ngunit makabuluhang pagkakalantad sa mga mahihirap na salita. Dahil dito, ang *gamification* o pagpapasok ng mga laro sa talakayan ay nagsisilbing tulay upang ang mga abstrakto at komplikadong teorya ay mas madaling maunawaan, matandaan, at mapanatili sa isipan ng mga mag-aaral (Hidayah et al., 2023).

